DIOCESE OF SAITAMA
TOKIWA 6-4-12,
Urawa-ku,SAITAMA city
〒330-0061, JAPAN
TEL:048-831-3150
FAX:048-824-3532

カトリックさいたま教区
さいたま市浦和区
常盤 6-4-12
〒330-0061
TEL:048-831-3150
FAX:048-824-3532

Mensahe ng Obispo Para Sa Bagong Taon 2009

# *ANG MANANAMPALATAYA AY PATULOY ARAW-ARAW NA NAGTAGPO NA MAY IISANG PUSO SA TEMPLO, AT NAGTITIPON UPANG MAGHATI NG TINAPAY SA BAWAT BAHAY, AT SAMA-SAMANG KUMAIN TAGLAY ANG KAGALAKAN AT KATAPATAN NG PUSO HABANG NAGPUPURI SA DIYOS*

**Para sa aking mga Kapatid sa Diyosesis ng Saitama,**

Maligayang Pasko! At Manigong Bagong Taon! Paano ninyo ipagdiwang ang Pasko ngayong taon na ito?

Palagi akong nanalangin para sa inyong lahat at nagpapasalamat sa Diyos galing sa aking puso dahil ang mga parokya sa mga bloke, ay pinapahalagahan ang inyong buhay komunidad at sa pagtulong sa mga tao na isinantabi ng lipunan.

Sa taong 2008, nagsimula ang Team Minstry at Pastoral na Pagpapalaganap. Dagdag dito, ipinagdiwang din ang Centennial of Brazilian Immigration at Beyatipikasyon ng 188 na mga Martir. Sa 2009, may planong magbuo ng mga ibento gaya ng: Mini Soccer Meet kung saan ang isang bloke ay maglalaro sa ibang bloke, at ang Diocesan Convention, Japan Justice and Peace Council Convention at iba pang ibento. Sa mga ibentong ito, nais kong ang resulta ng pakikipagsalamuha ng mga mananampalataya sa ating komunidad at mga bloke ay madaling magaganap.

Sa ating lipunan ay nagkaroon ng krisis sa ekonomiya at pinansiyal na nagsimula sa Amerika, pagkabahala sa mga trabaho, takot kung ligtas ba ang mga pagkain, atbp., at ang humahabang listahan ng pagkabahala. Alalahanin ninyo na ang buhay ay sadyang mahirap sa gitna ng pagkabahala, at ang tiwala sa Diyos ang pinakamahalaga. Ang ating tunay na pag-asa ay galing sa pakikinig ng Salita ng Diyos at pagsunod sa pamamgitan ng gawa, sa ating Panginoon at Manliligtas na si Hesus.

<Ang Komunidad na Naka-Sentro sa Salita ng Diyos at sa Banal na Eyukaristiya>

Sa pamagat ginamit ko ang Gawa ng mga Apostoles 2:46-47 na inaalala ang buhay ng mananampalataya sa Unang Simbahan. Sa unang bahagi ay nasulat na sila ay nagkakatipon na may iisang puso sa templo. Sa pamamagitan ng Eskriptura nakinig sila sa Salita ng Diyos, inaalala si Hesus at nagpuri sa Diyos. Patuloy nating ginawa ang kaugaliang ito sa unang bahagi ng Misa na tinatawag na "Liturhiya ng Salita". Sa ikalawang bahagi ng sipi ipinakita dito na ang mga mananampalataya ay nagkakatipon sa bahay-bahay, ang kanilang komunidad ay nagbabahaginan sa paghati-hati ng tinapay at nagpuri sa Diyos. Ginawa natin ito sa "Liturhiya ng Pasasalamat" sa ikalawang bahagi ng Misa. Kahit ngayon ay nagbabahaginan tayo sa Eyukaristiya. At sa mga Bazaar at Fiesta nagbabahaginan tayo ng mga pagkain.

Alam ko na lahat kayo ay nagpapahalaga sa "Salita ng Diyos at sa "Eyukaristiya", ang dalawang sentrong bahagi ng Misa. Alam ko na kayo ay nagkakatipon bawat Linggo, Pagkabuhay, Pasko at sa pagsalubong ng Bagong Taon, at pinagpatuloy ang gawain ng mga mananampalataya sa Unang Simbahan upang magbigay puri sa Diyos. Sa kadahilanang ito kaya patuloy na umiiral ang ating komunidad.

<Ang Komunidad na Pinangalagaan ang 20,000 na mga Martyr>

Ninanais ko na ang ating komunidad ay lalong lumago. Anong gagawin natin upang mangyari ito? Naisip ko na ang ating sabay na natutunan sa Biyatipikasyon ng 188 na mga martir ay mayroong pahiwatig para sa atin.

Isipin ninyo ang Kristiyanong Komunidad 400 taon ang nakalipas na may 20,000 na mga martir sa panahon na ang Kristiyanismo ay ipinagbabawal sa Japan. Sa panahong iyon ay may 400,000 - 600,000 na mga Katoliko. Ibig sabihin ay may 1 martir sa bawat 20 o 30 na mga Katoliko. Walang duda na meron silang malakas na pananampalataya. Subalit, mahirap ipaliwanang na ang bawat isa sa 20,000 na mga martir ay may malakas na pananampalataya. Ang tanging paliwanang sa napakaraming bilang na ito ay dahil ang komunidad ay may malakas na pananampalataya kaya nagkaroon ng napakaraming mga martir.

Ikumpara natin ang noon at ngayon. Noon ay may Serbisyo ng Salita ngunit walang Misa. Ninanais nilang magkaroon ng Eyukaristiya at pari, sila ay nagtitipon kada linggo, hindi upang makinig sa iniisip ng isang tao, kundi ang sentro ng kanilang serbisyo ay ang turo ng Diyos. Paano na ang ating komunidad ngayon?

Isang punto na dapat isaalang-alang ay ang "pagbabahaginan". Sa panahon kung saan ang Kristiyanismo ay ipinagbabawal sa Japan, ang mga Kristiyano ay nagbabahaginan ng tungkulin ng absent na pari, sa pamamagitan ng pagbabahagi ng kanyang tungkulin sa bawat-isa. Paano na sa ating panahon ngayon?

Natural lang na mayroong komun na mga elemento sa sinaunang panahon ng Kristiyanismo sa Japan at ngayon. Mayroon din komun na mga elemento ng Unang Simbahan na mayroon tayo: ang pagkakaroon ng komunidad, matapat na pagtatagpo bawat linggo, pakikinig sa Salita ng Diyos at pagpupuri sa Diyos at iba pa.

**<Pagbabahaginan Ayon sa Salita ng Diyos ay Lalong Pinapaunlad ang Komunidad>**

Ang pundasyon ng Team Ministry para sa Pastoral na Pagpapalaganap ay hindi lang nakaugat sa umaasa na lang sa pari, kundi lahat ng mananampalataya bilang pangunahing tagapagdala ng iba't-ibang gampanin sa komunidad. Sa ganitong kapaligiran, kung may pagbabahaginan sa Salita ng Diyos, maaring ang komunidad ay magkaroon ng mas malakas na pananampalataya. Ang pagbabahaginan ay maari din mangyari sa loob ng pamilya o sa pamamagitan ng iba't-ibang pagtitipon ng mananampalataya sa ibang pamamahay. Ang pagtitipon ng mga matatanda ay mahalaga rin. Maari din na gamitin ang oras bago o pagkatapos maglinis ng simbahan. Maarin din sa mga pagtitipon ng mga kaibigan na hindi kabahagi ng simbahan. Dapat magkaroon din ng pagtitipon ang mga kabataan upang magkaroon sila ng pagbabahaginan sa Eskriptura. Siyempre kailangan din na magkaroon ng pagtitipon at pagbabahaginan sa iba't-ibang lengguwahe. Nakiusap ako na bumuo ng mga pagkakataon na magkatipon para sa pagbabahaginan. At kung maari, mag-anyaya ng mga pari o mga relihiyoso na magbahaginan kasama ninyo tungkol sa Eskriptura.

Ang Diyosesis ay nagtataguyod sa paggamit ng Eskriptura bilang pundasyon ng pagbabahaginan magpahanggang ngayon, ngunit dapat bumuo at magtaguyod ng konkretong pagkakataon para sa maliliit na bilang ng mga tao na magkatipon upang magbahagi ng Salita ng Diyos. Sa pamamagitan ng pagsisikap na ito, ang ating komunidad ay magkakaroon ng mas maraming biyaya at maaring maitaguyod ang pagmamahalan, pananampalataya at tunay na pag-asa sa bawat-isa sa atin.

Ipinaaabot ko ang aking pagpapala sa inyong lahat na sana ang taon na ito ay taon ng maraming biyaya na dumaloy sa pagkakaroon ng buhay galing sa Salita ng Diyos.

+Ang pagpapala ng Diyos, Ama, Anak at Epiritu Santo ay sumainyong lahat.

Enero 1, 2009
Katolikong Diyosesis ng Saitama
Obispo Marcellino Tani Daiji